

**Mga Hakbang sa Pagprotekta sa Consumer Pagkatapos ng Isang Sakuna
Para sa mga Wireline Communications Customer sa California**

Kung sakaling magdeklara ang Gobernador ng California o ang Presidente ng Estados Unidos ng state of emergency sa inyong pamayanan na magresulta sa pagkawala ng o pagkagambala sa inyong landline telephone service¹ o sa pagsama sa kalidad ng inyong landline telephone service,² ibibigay ng mga landline telephone provider ang mga sumusunod na proteksiyon sa kanilang residential at small business (hanggang sa limang linya) customer para sa panahon na hindi kukulang sa 12 buwan mula sa petsa ng deklarasyon ng state of emergency o gaya ng angkop na natiyak ng California Office of Emergency Services:

1. Pagpapaubaya ng one-time activation fee para sa pagumpisa ng remote call forwarding, remote access to call forwarding, mga call forwarding feature, at mga messaging service;
2. Pagpapaubaya ng buwanang singil para sa remote call forwarding, remote access to call forwarding, call forwarding, mga call forwarding feature, at mga messaging service;
3. Pagpapaubaya ng service charge para sa pag-instala ng serbisyo sa pansamantala o permanenteng lugar ng customer at muli kapag bumalik ang customer sa bahay o lugar ng kanyang negosyo;
4. Pagpapaubaya ng bayad para sa isang jack at kaugnay na kawad sa pansamantalang lugar mayroon mang Inside Wire Plan ang customer o hindi;
5. Pagpapaubaya ng bayad para sa hanggang sa limang libreng jack at kaugnay ng kawad para sa customer na may Inside Wiring Plan kapag makabalik siya sa permanenteng lugar; at
6. Pagpapaubaya ng bayad para sa isang jack at kaugnay ng kawad para sa mga customer na walang Plano kapag makabalik sa permanenteng lugar.

* * *

Upang makakuha ng karagdagang impormasyon, mangyaring kontakin ang inyong service provider.

¹ "Disruption" ("Pagkagambala") ay ang (1) pagkawala ng dial tone; (2) pagkawala ng koneksiyon o pagkawala ng serbisyo sa ibang paraan; o (3) mga kalagayan kung saan hindi nakakagawa o nakakatanggap ng tawag dahil ginambala ng sakuna ang serbisyo at dahil dito hindi maaaring gumawa ang customer ng 9-1-1 na tawag.

² Nangyayari ang "Degradation" ("Marawal na Kalagayan") sa mga situwasyon kung saan hindi lubos na nawala ang serbisyo, subalit masama pa rin ang kalidad ng serbisyo. Nakararanas ang customer ng static, hindi nakakagawa ng koneksiyon, nagkakaroon ng mabilis na busy signal at/o hindi nabubuo ang tawag, kabilang ang mga tawag sa 9-1-1, at iba pa.